

Pampublikong Update sa COVID-19 – ika-15 ng Mayo 2020

ANONG BAGO NGAYONG ARAW

UPDATE MULA SA KEMH

Hinihintay ng KEMH ang mga resulta ng pagsusuri mula sa bagong grupo ng mga swabs na ipinadala sa UK.

Inaasahan natin ang karagdagang update sa Lunes.

PAGLULUWAG NG MGA PAGHIHIGPIT SA PAGBABYAHE NG FIGAS AT CONCORDIA BAY

Ang mga paghihigpit sa byahe ng mga pasahero sa Falkland Islands Government Air Service, at ng Concordia Bay ferry at serbisyo sa shipping ay luluwagan na.

Ang mga binagong pagsasaayos ay ipapakilala mula sa ika-18 ng Mayo para sa FIGAS , at ika-20 ng Mayo naman para sa Workboat Services Limited.

Maisasagawang muli ang mga bookings sa pagbabyahe sa FIGAS sa lahat ng destinasyon, na sasailalim sa sumusunod na kondisyon:

Ang mga pasahero ay kailangang magkaroon ng kamalayan na may mga tanong na may kinalaman sa kaulusgan ang itatanong kung gagawa ng booking sa FIGAS at Worboat Services at muli, bago sumakay ng eroplano o ferry:

- hihilingin sa mga pasahero na huwag bumyahe kung sila ay nakakaranas ng mga sintomas ng sipon o trankaso;
- hindi papayagang bumyahe ang mga pasahero kung sila ay nanggaling sa MPC sa nakaraang pitong (7) araw o kung nakipagugnayan sa kahit sinuman, o;
- nakuhanan ng swab para sa COVID-19 at nag-aantay ng resulta, o;
- nakikibahagi sa isang sambahayan na may isang nakuhanan ng swab at nag-aantay ng kanilang kumpirmasyon ng resulta

Ang mga pasahero ay inaasahang sumunod sa mga hakbang para sa social distancing, at sa kaso ng paglalakbay sa FIGAS, ay magsuot ng face masks para sa kabuuan ng kanilang paglipad at mag-sanitise ng kanilang mga kamay bago sumakay.

Ang mga face masks at hand sanitizer ay ibibigay sa pagbabyahe sa FIGAS. Ang sasakyang panghimpapawid ay magdadala ng masks at sanitizer para sa mga pasaherong sasakay sa mga malalayong airstrips.

Hinihiling sa mga pasahero na mag check-in sa mga may-ari ng lupa sa destinasyon na kanilang pupuntahan bago mag-book ng kanilang byahe.

Lilimitahan ang dami ng mga pasahero para makapagsagawa ng social distancing hanggat maaari sa loob ng sasakyang panghimpapawid.

Magpapatuloy na hindi mag-operate ng mga flights papuntang MPC ang FIGAS, maliban na lamang sa mga emergency situations.

Magkakaroon din ng kaparehong mga kondisyon ang Workboat Services para sa serbisyo ng ferry ng Concordia Bay.

Upang mabawasan ang contact sa pagitan ng mga pasahero at sa pagitan ng mga pasahero at crew, ang dami ng pasahero ay lilimitahan sa walo (8) sa bawat byahe.

Papayagan lamang ang mga pasahero sa loob ng passenger lounge kung sila ay nakapag-sanitise at nakapaglinis sa bawat isang byahe.

Hindi papasok sa lounge ang mga crew habang nakasakay ang mga pasahero at inaasahan na sunsundin ng mga pasahero ang mga patnubay sa social distancing.

Mariing hinihiling sa mga pasahero na babyahe sa FIGAS at sa Concordia Bay na obserbahan ang mga kondisyon sa pagbabyahe at sagutin ang mga katanungan ng may katapatan. Ang hindi pagrespeto sa mga kondisyon na ito ay maaaring magresulta sa pagbabalik muli ng mga paghihigpit sa pagbabyahe.

PAG-ALALA SA LANDING DAY

Ang serbisyo para sa Landing Day ay magaganap sa ika-21 ng Mayo ngunit susundin nito ang maikling format ng serbisyo dahil sa mga kasalukuyang sitwasyon.

Ilalapat ang mga hakbang sa social distancing at may mga makikitang markers na ilalagay sa buong sementeryo.

Hindi bukas sa lahat ng publiko ang San Carlos Settelement bukod sa pagpunta sa car park ng Sementeryo at walang makukuhang pasilidad ng banyo. Di tulad ng mga nakaraang mga serbisyo, hindi magkakaroon ng isang pagtitipon pagkatapos ng pagdiriwang.

Si Reverend Ian Faulds ang magsasagawa ng serbisyo para sa pag-alala.

Habang ito ay isang pampublikong pag-alala, ang dami ng tao ay lilimitahan para sa pagsunod sa social distancing.

Maglalalatag ng mga wreaths ang Governor, mga MLA, at ang komunidad.

Kung sinuman sa komunidad ay may wreaths at nais nilang ilatag ito ngunit hindi makadalo, ang FIDF ay malugod na tutulong at magsaayos nito para sa kanila.

MGA MEDICAL CHECKS

Sa mga employers na nagnanais na makapagdala ng mga bagong staff sa loob ng Falkland Islands, kinakailangan ang work permit.

Ang mahalagang bahagi ng proseso para sa work permits ay ang pagsusuring medikal at dental sa kanilang bansang panggagalingan.

Ang mga pagsusuring ito ay aaprubahan ng medikal at dental staff ng KEMH.

Dahil sa patuloy na pandemic ng COVID-19, maaaring sa ibang mga okasyon ay hindi posibleng makapagsaayos ng mga appointments para sa medikal at dental sa bansang panggagalingan ng isang indibidwal. Mapipigilan nito ang recruitment ng mga mahahalagang tungkulin at maaring maka-apekto sa mga mahahalagang serbisyo na ibinibigay ng FIG at ng mga pribadong kumpanya.

Para masiguro na ang mga mahahalagang tungkulin sa pampubliko at pampribadong sektor ay magpatuloy na mapunan, inaprubahan ng Executive Council ang mga pansamantalang hakbang para maisagawa ang mga proseso para sa medical clearance para sa mga mahahalagang trabaho.

Makukuha ang Medical Self-Declaration Form sa mga trabahong maituturing na talagang mahalaga ayon sa Principal Immigration Officer, at para sa mga indibidwal na makakapagpatunay nito, sa kabila ng mga pagsisikap, ay hindi nila naisagawa ang mahalagang medical at dental appointments sa kanilang bansang pinanggalingan.

Kasama ng Medical Self-Declaration Form, ang aplikante ay sasailalim din sa isang interbyu gamit ang telepono mula sa isang miyembro ng pangkat-medikal ng KEMH, habang ang mga impormasyon na nakasaad ay kinukumpirma, ang karagdagang mga pagtatanong ay magaganap patungkol sa kalusugan ng isang aplikante.

Isang buong medical assessment ang isasagawa sa aplikante ng KEMH pagdating nila sa Falklands.

Ang mga pansamantalang hakbang na ito ay sasailalim sa regular na pagsusuri para masiguro na ito ay kinakailangan.

Kung ikaw ay may mga katanungan, maaaring mag-email sa Customs and Immigration Service sa immigrationofficer@customs.gov.fk o tawagan sila sa numerong +500 27340.

DEFERRAL SA RENTA

Inaprubahan ng Executive Council ang option para sa mga tenants ng FIG na naghahanap ng deferral na siyamnapung (90) araw kung sila ay nahihirapan na magbayad ng kanilang bayad sa renta.

Ang hakbang na ito ay una nang inanunsyo noong ika-17 ng Abril bilang bahagi ng malawakang pangekonomikong package ng suporta.

May mga kriterya na dapat maabot para maging karapat-dapat dito. Sinumang nais na malaman ang mga karagdagang detalye tungkol dito ay dapat makipagugnayan sa Public Works Department.